



# BIBLE STUDY

**Ezra 1:1-11**

April 07-13

**PAGTUKLAS**

**PAG-UNAWA**

**PAGTUGON**



# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Ezra 1:1-11



Pagtuklas



Pag-unawa



Pagtugon



# Ezra 1:1-11

Magandang Balita Biblia

## Pinabalik ni Ciro ang mga Judio

1 Noong unang taon ng paghahari ni Ciro sa Persia, natupad ang sinabi ni Yahweh sa pamamagitan ni Propeta Jeremias nang udyukan ni Yahweh si Ciro na isulat at ipahayag sa buong kaharian ang utos na ito:

2 “Ito ang utos ni Emperador Ciro, ng Persia: Ibinigay sa akin ni Yahweh, ang Diyos ng kalangitan, ang lahat ng kaharian sa buong daigdig at inatasan niya ako na ipagtayo ko siya ng templo sa Jerusalem na nasa Juda.



# Ezra 1:1-11

Magandang Balita Biblia



3 Kayo na kanyang bayan, patnubayan nawa kayo ng inyong Diyos sa pagbabalik ninyo sa Jerusalem upang muling maitayo roon ang Templo ni Yahweh, ang Diyos ng Israel, ang Diyos na sinasamba sa Jerusalem. 4 Sinuman sa inyo na nangingibang-bayan, kung nais bumalik doon, dapat siyang tulungan ng kanyang mga kababayan. Dapat siyang bigyan ng pilak at ginto, mga bagay na kakailanganin, at mga hayop, gayundin ng mga kusang-kaloob na handog para sa Templo ni Yahweh sa Jerusalem.”

# Ezra 1:1-11

Magandang Balita Biblia



5 Bilang tugon, agad na nagsipaghanda ang mga pinuno ng mga lipi ng Juda at Benjamin, gayundin ang mga pari at ang mga Levita, at ang mga iba pang inudyukan ng espiritu ng Diyos upang muling itayo ang Templo ni Yahweh sa Jerusalem.

6 Tinulungan sila ng lahat ng mga nakapalibot sa kanila. Binigyan sila ng mga pilak at gintong lalagyan, mga bagay na kakailanganin, mga hayop, iba pang mamahaling gamit, bukod pa sa mga kusang-kaloob na handog para sa Templo.

# Ezra 1:1-11

Magandang Balita Biblia



7 Ibinalik naman sa kanila ni Haring Ciro ang mga mangkok at tasa na dinala ni Haring Nebucadnezar sa templo ng kanyang mga diyos pagkatapos na kunin ang mga iyon mula sa Templo ni Yahweh. 8 Ipinagkatiwala ni Haring Ciro kay Mitredat na ingat-yaman ng kaharian ang pagbilang sa mga bagay na ibinalik. Ang mga ito'y binilang ni Metridat sa harap ni Sesbazar na tagapamahala ng Juda.

# Ezra 1:1-11

Magandang Balita Biblia

9-10 Ito ang bilang ng mga kagamitan:

palangganang ginto	30
palangganang pilak	1,000
lalagyan ng insenso[a]	29
mangkok na ginto	30
iba't ibang sisidlang pilak	410
iba't iba pang kagamitan	1,000



# Ezra 1:1-11

Magandang Balita Biblia



11 Lahat-lahat, umabot sa 5,400 ang bilang ng mga lalagyang ginto at pilak na dinala ni Sesbazar nang bumalik siya sa Jerusalem mula sa Babilonia kasama ng iba pang mga dinalang-bihag doon.



# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Ezra 1:1-11

“Bilang tagasunod ni Cristo, magtitiwala ako sa Kanyang kakayahang na tuparin ang Kanyang mga pangako at gamitin ang kahit na sinong tao upang maisakatuparan ang Kanyang mga layunin.”

Nagsimula ang kabanata sa  
paglalahad ng pagtupad ng  
Panginoon sa propesiyang  
ibinigay Niya sa pamamagitan  
ni Propeta Jeremias. Paano  
Niya ginawa iyon?



**Pagtuklas 1**  
Ezra 1:1-11

Maliban sa kanyang pagpayag ng bumalik ang mga bihag sa Jerusalem upang itayo muli ang Templo, ano pa ang ginawa ni Emperador Ciro?



# Pagtuklas 2

Ezra 1:1-11

Ayon kay Ciro, sino ang  
nagbigay ng desisyon na  
pabalikin ang mga bihag sa  
Jerusalem (v. 2)?



# Pagtuklas 3

Ezra 1:1-11

Si Ciro ay isang paganong hari, ngunit siya ay naglabas ng kautusan para sa mga Judio na bumalik sa Jerusalem at muling itayo ang Templo ni Yahweh. Paano hinahamon ng talatang ito ang ating mga pananaw kung sino ang maaaring gamitin ng Diyos para maisakatuparan ang Kanyang mga layunin?



# Pag-unawa 1

Ezra 1:1-11

Ano kaya ang mas malawak na implikasyon ng utos ni Haring Ciro maliban sa pagbabalik ng mga Israelita sa Jerusalem?



Pag-unawa 2

Ezra 1:1-11

Sa gitna ng mga nangyayari ngayon sa buong mundo, paano tayo patuloy na magtitiwala sa soberanya ng ating Diyos?

 Pagtugon **1**  
Ezra 1:1-11

Ang talata ay humahamon sa atin na kilalanin na ang Diyos ay maaaring gumamit ng kahit na hindi makadiyos na mga indibidwal upang maisakatuparan ang Kanyang kalooban. Nagpapaalala din ito sa atin na huwag limitahan ang gawain ng Diyos batay sa ating pang unawa. Naaalala mo ba ang isang pagkakataon na sinagot ng Diyos ang iyong mga panalangin sa hindi malamang o di-inaasahang paraan na ito? Ano ang naging tugon mo? Ibahagi ang iyong mga pananaw / mga napagtanto.



# Pagtugon 2

Ezra 1:1-11



# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Ezra 1:1-11

“Bilang tagasunod ni Cristo, magtitiwala ako sa Kanyang kakayahang na tuparin ang Kanyang mga pangako at gamitin ang kahit na sinong tao upang maisakatuparan ang Kanyang mga layunin.”

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Ezra 1:1-11



Pagtuklas



Pag-unawa



Pagtugon



Small Group Sessions  
**CLOSING PRAYER**





# BIBLE STUDY

**Ezra 1:1-11**

See You Next Week

**PAGTUKLAS**

**PAG-UNAWA**

**PAGTUGON**





# KBCF

#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines

Worship Service Schedule: 9am

Livestream: Facebook and YouTube



[kbcf.org.ph](http://kbcf.org.ph)



[KBCFofficial](#)



[KBCFamily](#)



[kbcf.office@gmail.com](mailto:kbcf.office@gmail.com)



0917-886-6650



8927-7420 | 8928-6584